BABALA: MAG-INGAT sa Affinity Fraud

Ano ang Affinity Fraud?

Ang affinity fraud ay ginagawa ng mga con artist na miyembro rin ng mga pang-etniko, panrelihiyon, pangkarera, o pangkomunidad na grupong kinabibilangan ng kanilang mga biktima. Kinukuha ng con artist ang tiwala ng grupo, at sinasamantala niya ang tiwalang iyon para magsiwalat ng mga mapanloko, hindi totoo, at hindi kapani-paniwalang investment sa iba pang miyembro ng grupo.

Halimbawa ng Affinity Fraud

Ang isang karaniwang scam ay ang pagkuha ng con artist sa tiwala ng mga miyembro ng isang grupo sa pamamagitan ng pagbebenta muna sa ilang tanyag na miyembro.

Kapag natanggap na ng mga naunang miyembrong iyon ang ipinangakong malaking kita, pini-pitch ang scam sa iba pang miyembro gamit ang mga dating bumili bilang mga reference. Ang mga naunang investor ay posibleng maging napakasigasig tungkol sa scheme na maaaring bumagsak nang buo pagkatapos magkaroon ng mas maraming investor.

Kapag natuklasan na ng mga biktima na na-scam sila, karaniwang nag-aatubili sila na ipaalam sa iba o na abisuhan ang mga awtoridad. Posibleng subukan ng mga biktima na lutasin ang problema sa loob ng grupo. Ginagamit ng mga con artist ang pagtitiwalang ito, nang alam nilang bihirang magkaroon ng kalutasan, at nakakalusot ang con artist at nakukuha niya ang pera.

Protektahan ang Iyong Sarili Laban sa Affinity Fraud

Tandaang karaniwan ito. Araw-araw na nangyayari ang affinity fraud sa buong United States. Dapat mag-ingat ang mga investor. Dahil lang ang isang tao ay nabibilang sa iyong simbahan, club, o asosasyon ng negosyo, o may kaparehong kultura o etnisidad, hindi ito nangangahulugang dapat mong pagkatiwalaan ang isang tao nang hindi bineberipika ang “ibinebenta” niya sa iyo.

Huwag kumilos ayon sa mga sariling emosyon. Ang mga taong gumagawa ng affinity fraud ay karaniwang may lubos na kanais-nais na personalidad at mukhang mapagkakatiwalaan. Hinding-hindi dapat hayaan ng mga investor na maging dahilan ang pagiging kumportable nila sa personalidad ng isang tao at katayuan niya sa komunidad para hindi na magsagawa ng naaangkop na due diligence. Huwag na huwag paniniwalaan ang sinasabi ng isang tao bilang rekomendasyon sa isang investment. Palaging magtanong at beripikahin ang mga sagot – lalo na ang lisensya ng isang tao para magbenta ng investment na produkto.

Huwag agad-agad na magdesisyon. Kung may mag-aalok sa iyo ng “hindi maaaring palampasing” oportunidad sa investment at kailangan mong sumagot kaagad, huwag matatakot na umatras o tumanggi. Huwag na huwag gagawa ng desisyon sa investment nang hindi nauunawaan kung saan mapupunta ang iyong pera, paano ito gagamitin, at paano – at kailan - mo makukuha ang iyong pera.

May panganib ang lahat ng investment. Walang investment na walang panganib. Hindi nagsasabi ng totoo ang sinumang nangangako ng investment na walang panganib. Dapat magtanong palagi ang mga investor tungkol sa mga panganib sa investment, at dapat nilang unawain ang mga isyu tulad ng liquidity (iyong kakayahang ibenta ito), tagal ng investment, rate ng kita (magkano ang kikitain mo at kung gaano katagal), panganib sa pagkalugi, at kung paano gagamitin ang mga tubo sa investment ng investor para maabot ang mga ipinangakong kita.

Magtiwala ngunit magberipika. Madalas na nauugnay sa affinity fraud ang isang taong kilala na ng biktima sa loob ng maraming taon. Dahil lang 20 taon mo nang kakilala ang isang tao, hindi ito nangangahulugang hindi ka na magtatanong tungkol sa anumang oportunidad sa investment, at hindi ka na hihinto kung hindi mo ito nauunawaan.

Palaging beripikahin ang mga lisensya ng mga propesyonal sa investment bago mag-invest ng anumang pera. Maaari kang makipag-ugnayan sa Departamento ng Mga Institusyon sa Pananalapi (Department of Financial Institutions, DFI) ng Washington para matuto pa tungkol sa background ng salesperson at status ng investment.

Makipag-ugnayan sa Department of Financial Institutions ng Estado ng Washington sa pamamagitan ng pagtawag sa 1.877.RING DFI (746-4334) o pagbisita sa https://dfi.wa.gov/consumers/verify-license.